# PAMBUNGAD SA TERMINOLOHIYA NG HADITH

**Marka:**

**Deskripsyon:** Isang maikling panimula sa pinaka-karaniwang mga salita at mga terminong may kaugnayan sa ahadith na iyong makikita sa pagbabasa tungkol sa Islam.

**Kategorya:** Mga Aral › Si Propeta Muhammad › Hadith at Sunnah

**Ni:** Aisha Stacey (© 2014 NewMuslims.com)
**Nai-publish sa:** 03 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin

·Upang maunawaan ang ilang karaniwang mga termino na may kaugnayan sa *ahadith* na ginagamit sa Islamikong panitikan.

·Upang mapahalagahan na ang pag-uuri sa *ahadith* ay isang maingat na pagsisikap at kinabibilangan ng usaping pang-akademiko.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Daeef* – mahina.

·*Hadith* - (pangmaramihan – *ahadith*) ay isang piraso ng impormasyon at kuwento. Sa Islam ito ay isang naratibong tala ng mga kasabihan at gawi ni Propeta Muhammad at kanyang mga Kasamahan.

·*Hasan* – mabuti.

·*Isnad* – kawing ng mga tagapagsalaysay ng anumang ibinigay na *hadith*.

·*Matn* – ang teksto ng *hadith*.

·*Mawdu* – gawa-gawa o huwad.

·*Sahabah* - Ang pangmaramihang anyo ng “Sahabi,” na isinasalin bilang mga Kasamahan. Ang isang *sahabi*, salitang karaniwang ginagamit ngayon sa mundo, ay sinumang nakakita kay Propeta Muhammad, naniwala sa kanya at namatay na Muslim

·*Saheeh* – mapapanaligan, walang kamalian.

·*Sunnah* - ang salitang Sunnah ay maraming pagpapakahulugan depende sa sinasaklaw na usapin, subalit sa kabuuan tumutukoy ang salitang ito sa anumang naiulat na mga gawain, ginawa at pinahintulutang gawin ng Propeta.

# Panimula




Naniniwala ang mga Muslim na ang pangalawang pangunahing pinanggagalingan ng Islam ay ang *Sunnah* ni Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang habag at pagpapala ng Allah. Ang *Sunnah* ay itinuturing na isang rebelasyon at ito ay nakalagay sa isang malaking kabuuan ng panitikan na kilala bilang *ahadith*. Ang Quran at ang *Sunnah* ay hindi maaaring maunawaan nang tiyak na hindi sinasangguni ang bawat isa dahil ang *Sunnah* ay ang praktikal na halimbawa kung paano ipinatupad ni Propeta Muhammad ang Quran, sa kanyang katangian at sa kanyang araw-araw na pamumuhay. Ang maikling aralin na ito ay naglalayong magbigay ng maikling panimula sa terminolohiya ng *hadith* upang hindi ka malito sa wika at mga termino at maramdamang malayo ito sa iyong pag-unawa. Ito ay hindi isang kurso o isang pagpapakilala sa isang kurso; gayunman, magbibigay ito ng mga termino na nanaisin mong maunawan pang lalo.

# Paano nagiging *hadith* ang isang kasabihan o kuwento?

Noong buhay pa si Propeta Muhammad, ang mga tao ay direktang pumupunta sa kanya kung mayroong mga isyu tungkol sa katuruan ng Islam. Pagkatapos ng kanyang kamatayan, nilinaw ng mga *sahabah* ang ilang mga suliranin at inayos ang mga alitan.Gayunpaman, sa paglipas ng panahon, mahalagang malaman kung paanong ang mga kasabihan at kaugalian na may kinalaman sa Islam ay nailahad. Kinailangan nitong malaman kung sino ang may sabi at saan nanggaling ang kasabihan o, ang kawing ng salaysay. Kaya nalaman natin na ang *hadith* ay binubuo ng dalawang bahagi; ang *matn* (teksto) at ng *isnad* (kawing ng mga tagapagsalaysay o mga tagapag-ulat). Ang isang teksto ay maaaring lohikal o makatwiran subalit kapag wala ang kawing ng mga tagapagsalaysay, hindi ito isang *hadith*.

# Pag-uuri ng *Hadith*

Ang malaking bilang ng *ahadith* na umiiral ngayon ay nagsimula nang ang mga *sahabah* at yaong mga sumunod pagkatapos nila ay sinumulang isa-ulo, isulat, at ipasa ang mga pahayag ni Propeta Muhammad at inilarawan ang kanyang mga kaugalian. Dahil maraming mga natatanging indibidwal na nagsimulang likumin ang daan-libong mga salaysay, kinakailangang mahanapan ng paraan na makilala ang mga ulat na totoo mula sa mga hindi totoo. Ang mga pamamaraan na nalikha ang siyang naging agham ng *hadith*. Ito ang sumala ng mga tunay na kasabihan mula sa mga hindi at nag-uri sa kanila sa ilang mga kategorya.

Ang pag-uuri *sa Hadith* ay isang maingat na siyensya at nangangailangan ng mahigpit na pagsunod sa mga alituntunin na itinayo nang higit sa ilang mga siglo. Maraming pamamaraan upang suriin ang *ahadith* at bago mo mabasa ang isang *hadith* ito ay

nagdaan sa ilang pamamaraan ng pag-uuri, kasama na ngunit hindi limitado sa, mga kamalian na matatagpuan sa *matn* o *isnad*, ilang mga tagapag-ulat mayroon sa *isnad*, o ang pamamaraan na kung saan ang *matn* ay iniulat. Gayunpaman, ang pinaka-kilala at nakikitang paraan ay suriin ang *ahadith* ayon sa mga mapagkakatiwalaan at alaala ng mga tagapag-ulat. Sa pamamaraang ito, ang *ahadith* ay inuuri ayon sa mga sumusunod. bawat hadith ay sinasabing *saheeh* (tunay), *hasan* (mabuti), *daeef* (mahina) o *mawdu* (gawa-gawa o huwad).

## *Saheeh*

Ito ang pinaka-tunay at maaasahang uri ng *ahadith*. Batay sa iskolar ng *hadith* Ibn As-Salah (1181 -1245 CE), ang *saheeh hadith* ay isa na may tuloy-tuloy na *isnad*, na ginawa ng mga tagapag-ulat na may mapagkakatiwalaang memorya at malaya mula sa anumang iregularidad alinman sa *matn* o ang *isnad*.

Sa nakalipas na mga siglo maraming tao ang lumikom ng mga *ahadith* at inipon ang mga ito bilang mga aklat reperensya. Ang pinaka-kilala sa paglilikom na ito ay sina Imam Al-Bukhari at Imam Muslim. Ang mga pangalang ito ang kadalasang makikita sa mga *hadith* na sinipi o sa mga talababa (footnotes). Ang mga taong ito ay hindi mga tagapagsalaysay; sa halip sila yaong mga inilaan ang panahon sa pag-likom at pag-uuri ng mga *ahadith* na may mahigpit na pamamaraan at mga kundisyon/pangangailangan. Kilala sila sa mga isinama lamang ang *saheeh ahadith* sa kabuuan ng kanilang panitikan.

Ang mga sumusunod na pagmamarka sa mga antas ay para sa *saheeh ahadith* lamang.

1.yaong mga itinala nina Al-Bukhari at Muslim;

2.yaong itinala ni Al-Bukhari lamang;

3.yaong itinala ni Muslim lamang.

Yaong hindi matatagpuan sa mga nabanggit na mga koleksyon sa itaas: ngunit

4. Sumasang-ayon sa mga kinakailangan ni Al-Bukhari at Muslim;

5.Sumasang-ayon sa mga kinakailangan ni Muslim lamang; at

6.yaong inihayag na *saheeh* sa ibang mga katanggap-tanggap na mga koleksyon.

7. yaong inihayag na *saheeh* sa ibang mga katanggap-tanggap na mga koleksyon.

## *Hasan*

Ang terminong *hasan* ay nangangahulugang mabuti, at si Ibn As-Salah ay isinalarawan ang *hasan hadith* bilang isang antas na mas mababa sa *saheeh hadith*. malaya ito sa anumang iregularidad kapwa *matn* at ang *isnad* ngunit ang isa o higit pang mga tagapag-ulat ay maaaring mayroong hindi mapapanaligang memorya, o ang *hadith* na kulang sa mahigpit na mga alituntunin sa pag-uuri ng *saheeh*.

Kapwa ang *saheeh* at *hasan ahadith* ay magagamit upang makatulong o makapaglinaw ng isang punto ng batas. Ilan sa mga *ahadith* na itinuturing na *daeef* ay maaaring itaas sa antas na *hasan* kung ang kahinaan ng mga tagapag-ulat ay itinuturing na banayad. Gayunpaman, kung ang kahinaan ay mabigat, ang *hadith* ay mananatiling *daeef*.

## *Daeef*

Ang *hadith* na nabigong marating ang katayuan ng pagiging *hasan* ay tinatawag na *daeef*. Kadalasan, ang kahinaan ay sirang *isnad* o ang isa o karamihan sa mga tagapag-ulat ay may kapintasan sa pagkatao. Siya ay maaaring kilala sa pagsasabi ng kasinungalingan, madalas na nagkakamali, tumutuligsa sa mga salaysay ng mas mapapanaligang pinagmulan, sangkot sa mga pagbabago, o mayroong ilang kalabuan sa pag-uugali.

## *Mawdu*

Ang *mawdu hadith* ay alinman sa gawa-gawa o huwad**.** Ang *matn* ng isang *mawdu hadith* ay kadalasang taliwas sa itinatag na mga pamantayan o nagtataglay ng ilang kamalian o pagkakaiba sa mga petsa o mga oras ng isang partikular na pangyayari. Maraming mga dahilan kung bakit ang *ahadith* ay dinadaya at ito ay kinabibilangan ng, alitang pulitikal, gawa-gawa ng mga tagapagsalaysay, kasabihan na ginawang *ahadith*, personal na pagpapalagay at sinadyang panlilinlang na propaganda.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/336/pambungad-sa-terminolohiya-ng-hadith

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.